
3

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 10:
## Pagbubuod




PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 10: Pagbubuod**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Milafe P. Cantila

**Editor:** Ritchie E. Carillo, Gemma M. Gutierrez

**Tagasuri:** Zimrose R. Pedrera,Gloria C. Sabanal

**Tagawasto:** Irene T. Cababat, Hazel P. De Leon

**Tagaguhit at Tagalapat:** Greco N. Dasmariñas, Lee Wilson C. Precellas

| | | |
|---|---|---|
| **Tagapamahala:** | Evelyn R. Fetalvero | Cristy C. Epe |
| | Janette G. Veloso | Beverly S. Daugdaug |
| | Analiza C. Almazan | Mary Joy B. Fortun |
| | Ma. Cielo D. Estrada | Imelda T. Cardines |
| | Mary Jane M. Mejorada | Joan M. Niones |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ______________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 10: Pagbubuod

# Paunang Salita

## Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Pagbubuod!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Pagbubuod!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng  gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain  na  naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

*Karagdagang Gawain*

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.

*Susi sa Pagwawasto*

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

*Sanggunian*

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!




# Alamin

Binabati kita!
Natapos mo ang naunang modyul nang matagumpay.

Sa modyul na ito matutulungan ka sa pagbubuod o paglalagom ng anumang tekstong iyong binasa.

Sa pagtatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:
nakapagbibigay ng buod o lagom ng tekstong binasa. (F3PB-IIIj-16,F3PB-Ivi-16)



# Subukin

Handa ka na bang matutunan ang mga gawain sa modyul na ito? Subukin mong sagutin ang pagsasanay A at B. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maari mong laktawan ang modyul na ito.

Pagsasanay A

Basahin ang maikling kuwento. Piliin at isulat lamang ang letra ng pinaka angkop na sagot sa malinis na papel.

## Ang Hardin ni nanay Fracia

Isinulat ni: Milafe P. Cantila

Si nanay Fracia ay nakatira sa masaganang bukirin. Nagtatanim siya ng ibat-ibang klase ng mga magaganda at

makukulay na bulaklak sa kanyang hardin. Dinidiligan niya ito araw-araw hanggang sa ito ay lumaki at tumaba. Maraming bumibisita na kapitbahay o kaya ibang baryo para tingnan ang kagandahan ng mga bulaklak ni nanay Fracia. Binibili nila ito upang matulungan din siya sa kanyang mga pangangailangan sa araw-araw.

Masaya si nanay Fracia na marami siyang kinikitang pera sa kaniyang pagtitiyaga sa pagtatanim ng mga bulaklak sa kanyang hardin kaya naman lalo pang pinagbuti ni nanay Fracia ang kaniyang gawain lalo pa at ito ay kanyang hilig.

Mga gabay na tanong:

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
   a. Nanay Fracia b. Tatay Ling c. Tiya Sabel
2. Ano ang kaniyang itinanim sa hardin?
   a. Mga ibat-ibang klase ng mga magagandang bulaklak
   b. Mga ibat-ibang klase ng mga gulay
   c. Mga ibat-ibang klase ng mga kahoy
3. Ano ang ginagawa ni nanay Fracia upang lumaki at tumaba ang mga bulaklak?
   a. Dinidiligan b. Nilagyan ng pataba c. Nilagyan ng bakod
4. Ano ang kapalit sa pagtitiyaga sa pagtatanim ng mga bulaklak ni nanay Fracia?
   a. Pagkakaroon ng kita b. Pagkakaroon ng perlas c. Pagkakaroon ng ginto
5. Ano ang nararamdaman ni nanay Fracia ng marami siyang kinikitang pera sa pagtatanim ng bulaklak?
   a. Malungkot b. Masaya c. Malumbay

Pagsasanay B

Basahin ang maikling kuwento. Isulat sa sagutang papel ang tauhan,tagpuan, at ilang pangyayari nito.

Ang Paboritong lugar ng Mag-anak
Isinulat ni: Milafe P. Cantila

Tuwing bakasyon, ang mag-anak ay pumupunta sa paborito nilang lugar ang kanilang bukirin para magsalo-salo. Sa aming paglalakbay marami kang madaanan na punong kahoy na naka-aliw sa iyong paningin at malamig na klima.

Doon ay simpleng buhay ang aming naranasan may dala-dala kaming basket na nilagyan ng pagkain. Masayang naglalaro ang mga bata at naglalakad-lakad na lumalanghap ng sariwang hangin.

Sa aming bukirin ay may maliit na ilog pagkukunan ng isda, may mga gulay at prutas na mapipitas. Sa gabi naman ay makakarinig ka ng tunog ng mga kulisap at mga ibon na tila may ipinahihiwatig. Sa aming pag-uwi tuwang tuwa ang mga mag-anak sa kanilang hindi malilimotang bakasyon.

Tauhan: ________________________________________

Tagpuan:________________________________________

Mga Pangyayari na naganap sa kuwento:

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

# Pagtalakay sa Leksiyon



## Balikan

Kopyahin at ayusin ang mga pangyayari ayon sa wastong pagkakasunod-sunod. Lagyan ng bilang na 1-5 ang patlang sa sagutang papel.

________ Mula noon, inuwi ko siya sa bahay, pinaliguan, at

ginawang alaga.

________Dahil sa tahol niya, agad kong nilapitan ang sako kung saan siya inilagay.

________Nang ako'y pauwi na habang naglalakad patungo sa sakayan ng traysikel, narinig ko ang kaawang- awang aso na tumatahol.

________Pagkatapos, tinanggal ko ang tali ng sako at agad kong nakita ang asong may kayumangging kulay. Tinawag ko siya sa pangalang Brownie.

________Umalis ako ng bahay upang bumili ng regalo para sa kaarawan ng aking ina.



## *Tuklasin*

Basahin at unawain ang kuwento.

### Ang mga Ibon



Nagising si Fe sa malalakas na huni ng mga ibon mula sa labas ng bahay na nagliliparan sa himpapawid.

Napansin ni Fe na sila'y nag-uunahan patungo sa kanilang munting palayan at tila naghahanap ng pagkain.

"Ah! Tinutuka pala nila ang mga maliliit na insekto na pumipinsala sa palayan," wika ni Fe.

"Ang saya-saya nilang pagmasdan na malayang nakalilipad kahit saan!" Napag-isip-isip ni Fe na ang sarap pala maging ibon.

Sagutin ang mga tanong at isulat ang iyong sagot sa kuwaderno o sa sagutang papel.

1. Sino ang nagising sa malalakas na huni ng ibon?
2. Saan nangyari ang ang kuwento?
3. Ano-ano ang pangyayaring naganap sa kuwento?
   a. ________________________________________
   b. ________________________________________
   c. ________________________________________




## *Suriin*

# *Pagtalakay sa Aralin*

Ang buod o lagom ng isang teksto ay ang pinaikling bersyon ng isang teksto. Sa pagbibigay o pagbuo ng buod o lagom,

lagi nating tandaan na ang mahahalagang impormasyon o detalye lamang ang ihayag o banggitin. Maari ding pagsama-samahin ang mga sagot sa mga gabay na tanong. Siguraduhin din maikli lamang ito ngunit malinaw na maipahayag ang mensahe o diwa nito.




# *Pagyamanin*

Basahin at unawaing mabuti ang maikling kuwento at ibigay ang mahalagang impormasyon gamit ang grapiko sa ibaba. Isulat ito sa kuwaderno o sa sagutang papel.

## Ang Masayang Kaarawan ni Marlone

Isinulat ni: Milafe P. Cantila




Si Marlone ang batang nagdiriwang ng kanyang ika-siyam na kaarawan sa kanilang munting tahanan.

May kainan, kantahan, sayawan at iba't ibang klase ng laro na sadyang nagpapasaya sa kanyang mga kaklase. Maraming regalo ang natanggap ni Marlone galing sa kanyang mga kamag-aral at kaibigan.

Nang patapos na ang selebrasyon nagpasalamat si Marlone sa Panginoon, magulang, at mga kaibigan

na dumalo sa kanyang kaarawan.




## Isaisip

Kumpletuhin ang pangungusap upang mabuo ang kaisipan ng talata. Kopyahin ang pormat sa ibaba at sagutin ang mga patlang.

Ang __________________ ng isang teksto ay ang

_________________ng isang teksto. Sa pagbigay ng buod

o lagom lagi nating tandaan na ang _______________o detalye lamang ang ihayag o banggitin. Maari ding

__________________ ang mga sagot sa mga gabay na

tanong. Siguraduhing maikli lamang ito ngunit ___________ na maipapahayag ang mensahe o diwa.

# Isagawa

Basahin ang kuwento at itala sa kuwaderno o sagutang papel ang buod o lagom ng binasang kuwento.

## Pag-aani ng Gulay

**Isinulat ni: Milafe P. Cantila**

Linggo ng madaling araw, gumising nang maaga sina Manang Fely at Manong Cardo.

Pumunta sila sa bukid upang mag-ani ng gulay. Naghanda sila ng baon para sa kanilang pagkain. Napakaraming gulay ang kanilang inani.


Masaya ang pamilya sa masaganang kita ng kanilang gulayan.

### Buod o Lagom

**Tauhan:**___________________________________

**Tagpuan:**__________________________________

**Bagay na inani:** _____________________________



# Tayahin

Basahin ang isang maikling kuwento. Ibuod ang impormasyon sa binasa. Gawin ito sa kuwaderno o sa sagutang papel.


## Ang Magsasaka na si Jose

Isinulat ni: Milafe P. Cantila

Si Mang Jose ay isang magsasaka. Maaga siyang pumunta sa sakahan para magbungkal ng lupa para sa kanilang taniman ng mais.

Nang matapos magbungkal, inilagay niya ang mga binhi ng mais sa lupa. Napangiti at masaya siya nang makita na may tumubong binhi sa kaniyang mga itinanim. Nilagyan niya ito ng pataba para mas dumami pa ito. Naglagay rin siya ng bakod bilang pangharang sa mga hayop na papasok sa taniman.

Ilang buwan pa ang dumaan, handa na itong anihin at ibenta sa merkado.



# *KARAGDAGANG GAWAIN*


Basahin ang kuwento ni Leo at Lea at itala ang mga mahalagang impormasyon sa grapikong gabay. Gawin ito sa kuwaderno o sa sagutang papel.

Masaya si Leo at Lea pagkagaling sa San Miguel. Inimbitahan sila ni Lyn sa pista ng kanilang Barangay noong Linggo. Nasiyahan sila sa panonood ng mga parada, palatuntunan, at iba't ibang palabas. Sumakay pa sila ng **roller coaster** na ang bayad ay limampung piso. Gabi na nang sila'y umuwi. Inihatid sila ni Lyn at ng kaniyang Kuya Randy sa istasyon ng traysikel.

Tauhan:

Lugar na Pinanggalingan:

Bagay na kanilang sinasakyan:



# SUSI SA PAGWAWASTO

**Subukin**

| Pagsasanay A | Pagsasanay B |
|---|---|
| 1. A | Tauhan:mag-anak |
| 2. A | Tagpuan: Bukirin |
| 3. A | Mga pangyayari:magsalo-salo |
| 4. A | naglalaro at naglakad-lakad |
| 5. B | namimitas ng prutas at gulay |

**Pagyamanin**

Batang may kaarawan: Marlone

Tagpuan sa pagdiriwang: tahanan

Bagay na natanggap: regalo

**Tayahin**

Tauhan: Jose

Trabaho: magsasaka

Binhing itinanim: mais

Klase ng pangharang na inilagay: bakod

**Balikan**

5

3

2

4

1

**Isaisip**

buod o lagom

pinaikling bersyon

mahalagang impormasyon

pagsama-samahin

malinaw

**Suriin**

1. Fe
2. Sa labas ng bahay, palayan
   a. Nagliliparan sa himpapawid
   b. Naghahanap ng pagkain
   c. Tinutuka ang mga maliliit na insekto

**Isagawa**

Tauhan: Manang Fely at Manong Cardo

Tagpuan: bukid

Bagay na inani: gulay

**Karagdagang Gawain**

Tauhan: Leo at Lea

Lugar na Pinanggalingan: San Miguel

Bagay na kanilang sinasakyan: roller coaster

## *Sanggunian*

Batang Pinoy Ako – Ikatlong Baitang
Kagamitan ng Mag-aaral sa Filipino
Unang Edisyon, 2014

Batang Pinoy Ako
Patnubay ng Guro
Ikatlong Baitang
Unang Edisyon 2015
Ikalawang Limbag 2017

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education – Bureau of Learning Resources sa (Deped-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg.,Deped Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072;8634-1054;8632-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph*blr.lrpd@deped.gov.ph